

### Layunin ng Survey atbp.

- Isinagawa ang survey upang matukoy nang wasto ang kalagayan ng mga dayuhang residente at mga isyu na kanilang kinakaharap sa propesyonal, pang-araw-araw, at panlipunang konteksto, at makatulong sa pagpapalano at pagbabalangkas ng mga hakbang para sa pagkakaisang pamumuhay hinggil sa mga dayuhan.
  - Ito ang pangatlong survey kasunod ng survey na isinagawa noong FY2021.
  - Idinaos ang “Pagpupulong ng mga dalubhasa tungkol sa pangunahing survey para sa mga dayuhang residente sa FY2022” upang palawakin ang saklaw ng survey, at isinama ang kadalubhasaan, malalim na kabatiran at malawak na pananaw ng mga dalubhasang pamilyar sa mga hakbang para sa pagkakaisang pamumuhay hinggil sa mga dayuhan sa pagtukoy ng mga item ng pagsusuri, pagsasama-sama ng mga resulta ng survey atbp.
- ⇒ Gagamitin ang mga resulta ng survey para tumulong sa pagpapalano, pagbabalangkas at pagsasagawa ng mga hakbang para sa pagkakaisang pamumuhay hinggil sa mga dayuhan upang mapahusay ang **“Roadmap para sa pagsasakatuparan ng lipunang magkasamang mamuhay kasama ng mga dayuhan”** at **“Mga komprehensibong hakbang para sa pagtanggap at pagkakaisang pamumuhay kasama ng mga dayuhang manggagawa”** bilang bahagi ng mga pagsisikap ng pamahalaan upang makamit ang lipunang magkasamang mamuhay kasama ng mga dayuhan.



### Pangkalahatang Ideya ng Survey

Target respondent ng survey	<ul style="list-style-type: none"> <li>■ 40,000 na mid hanggang pangmatagalang redidente at espesyal na permanenteng residente na higit sa edad na 18 sa kabuuan.</li> <li>* Ang mga taong pisikal na naroroon sa bansa nang hindi bababa sa isang taon mula sa kanilang huling landing permit sa Disyembre 1, 2022.</li> <li>* Ang mga respondent ay random na pinili nang isinasaisip ang sample size, ayon sa nasyonalidad/rehiyon at katayuan ng paninirahan, na natukoy sa pagsangguni sa istatistika ng mga dayuhang residente (sa katapusan ng Hunyo, 2022).</li> </ul>
Bilang ng mga wastong tugon	<ul style="list-style-type: none"> <li>■ Bilang ng mga kopyang ipinadala: 40,000 (1,447 ay hindi naihatid)</li> <li>■ Bilang ng mga wastong tugon: 5,016 na may 13.0% na rate ng pagtugon</li> </ul>
Paraan ng survey	<ul style="list-style-type: none"> <li>■ Web-based na survey (isang liham na humiling ng kooperasyon at may kasamang 2D barcode ang ipinadala sa mga target na recipient, at hiniling sa kanila na i-scan ang QR code at tumugon sa online na talatanungan)</li> <li>■ Suportado ang screen ng pagtugon sa walong wika (Japanese na may kana, English, Chinese, Korean, Portuguese, Vietnamese, Filipino, at Nepali).</li> </ul>
Mga item ng survey	<ul style="list-style-type: none"> <li>■ Target ng sirvey ang mga isyung nakaharap ng mga dayuhang residente sa kanilang propesyonal, pang-araw-araw, at panlipunang pamumuhay. Pag-aaral bg Japanese, Oriyentasyon sa pamumuhay, Pagkuha ng impormasyon at konsultasyon, Medikal na pangangalaga, Pagtugon sa sakuna at emerhensiya, Pangangalaga at edukasyon ng bata, Trabaho, Pakikilahok sa Lipunan, Isyu ng karapatang pantao (diskriminasyon), Social insurance, atbp.</li> <li>■ Bilang karagdagan, itinanong ang kaparehong mga tanong ng nasa “2022 Community Life Survey (Cabinet Secretariat)” (Target ng survey: 20,000 indibidwal na may edad 16 pataas sa buong bansa) upang sukatin ang kasalukyang antas ng kalungkutan ng mga dayuhang residente sa Japan.</li> </ul>
Panahon ng survey	<ul style="list-style-type: none"> <li>■ Pebrero 1, 2023 – Pebrero 14, 2023</li> </ul>
Mga puntong dapat tandaan	<ul style="list-style-type: none"> <li>■ Bagama’t ang mga resulta ng survey na ito ay pinagsama-sama at naipost kung paano natanggap ang mga ito bilang tugon sa talatanungan, ang limitadong bilang ng mga tugon para sa ilang mga tanong ay nangangahulugan na kailangan ng pag-iingat sa pag-interpret ng mga ito.</li> <li>■ Dahil ang mga numero ay ipinakita matapos niround-up/off, may mga pagkakataong hindi magiging 100% ang kabuuan ng mga porsiyento o hindi magkakatuig ang kabuuang numero sa graph at lead paragraph.</li> </ul>


# Pangunahing Survey ng mga Dayuhang Residente sa FY2022 — (1) (Mga katangian ng respondent)

- Ang karamihan ng nasyonalidad/rehiyon ng mga respondente, ayon sa pagkakasunod-sunod, ay “China” (31.4%), “Vietnam” (14.7%) at “Korea” (11.0%).
- Ang karamihan ng katayuan ng paninirahan ng mga respondente, ayon sa pagkakasunod-sunod, ay “Permanenteng residente” (30.4%), “Enhinyero/Dalubhasa sa hmanities/Internasyonal na serbisyo” (14.4%) at “Estudyante” (10.7%).
- Ang karamihan ng edad ng mga respondente ay “30–39” (32.7%), “20–29” (29.4%) at “40–49” (19.0%).
- Ang karamihan ng kabuuang taon ng pananatili sa Japan ng mga respondent, ayon sa pagkakasunod-sunod, ay “3 taon pataas ngunit wala pang 10 taon” (45.8%), “10 taon pataas ngunit wala pang 20 taon” (22.8%) at “20 taon pataas ngunit wala pang 30 taon” (13.1%).



## Nasyonalidad/Rehiyon




## Edad




## Katayuan ng Paninirahan






## Kabuuang taon ng pananatili sa Japan



## Kasarian





- Ang mga nasisiyahan sa pamumuhay sa Japan (“Nasisiyahan”+”Sa halip ay nasisiyahan”) ay 86.4% (Bahagyang nabawasan nang 1.4% kumpara sa FY2021 survey).
- Ang dahilan kung bakit nasisiyahan, ayon sa pagkakasunod-sunod, ay “Maganda ang kapaligiran ng tirahan (kalinisan atbp.)” (36.5%), “Tugma ang kultura at kaugalian ng lipunang Hapon” (18.4%), at “Maganda ang segulidad” (13.8%).
- Ang dahilan kung bakit hindi nasisiyahan, ayon sa pagkakasunod-sunod ay “Mababa ang sahod” (24.7%), “Mataas ang presyo ng mga bilhin” (19.5%), “May diskriminasyon sa mga dayuhan” (18.1%).



# Pangunahing Survey ng mga Dayuhang Regidente sa FY2022 — Pangunahing resulta (3) (Pag-aaral ng Japanese)

- Ang pinakakaraniwang binanggit na isyu tungkol sa pag-aaral ng Japanese ay “Malaki ang gastos sa paggamit at pagkuha ng klase ng wikang Hapon o language school” (21.1%) kasunod ng 2021 survey.
- Ang karamihang ng dahilan kung bakit hindi nag-aaral ng Japanese ay “Hindi kailangan dahil marunong mag-Japanese” (37.5%) at ang sunod ay “Walang klase ng wikang Hapon o language school na magagamit sa maginhawang oras” (11.0%).
- Kung titingnan ang dahilan kung bakit hindi nag-aaral ng Japanese ayon sa pangkat ng edad, habang bumababa ang edad, tumataas ang dahilan na “Hindi kailangang dahil marunong mag-Japanese”. At sa mga edad na 30s at 40s, marami ang sumagot na “Walang klase ng wikang Hapon o language school na magagamit sa maginhawang oras” kumpara sa nasa ibang mga pangkat ng edad.
- Mataas ang porsiyento ng mga taong nagnanais na mag-aral ng Japanese sa oras na walang trabaho o paaralan tulad ng sa Sabado, Linggo, Holidays o sa gabi.



### Dahilan kung bakit hindi nag-aaral ng Japanese ayon sa edad (Pinili/Inalis ang Iba pa)

	20s	30s	40s
Una	Hindi kailangan dahil marunong mag-Japanese (40.0%)	Hindi kailangan dahil marunong mag-Japanese (37.5%)	Hindi kailangan dahil marooning mag-Japanese (35.7%)
Ika-2	Walang klase ng wikang Hapon o language school na magagamit sa maginhawang oras (9.3%)	Walang klase ng wikang Hapon o language school na magagamit sa maginhawang oras (12.6%)	Walang klase ng wikang Hapon o language school na magagamit sa maginhawang oras (12.3%)
Ika-3	Walang libreng klase ng wikang Hapon na malapit (9.0%)	Walang libreng klase ng wikang Hapon na malapit (9.8%)	Walang libreng klase ng wikang Hapon na malapit/Walang magiging problema sa buhay kahit hindi marunong mag-Japanese (8.7%)


### Oras na nais gumamit ng klase ng wikang Hapon o language school

	Sa araw (9:00–18:00)	Sa gabi (18:00–21:00)	Kabuuan
Karaniwang araw	11.3%	29.4%	40.7%
Sabado Linggo Holidays	30.7%	37.9%	68.6%
Kabuuan	42.0%	67.3%	


# Pangunahing Survey ng mga Dayuhang Regidente sa FY2022 – Pangunahing resulta (4) (Oryentasyon sa pamumuhay)

- 40.5% ang sumagot na hindi nakatanggap ng oryentasyon sa pamumuhay.
- Sa mga nais na manood ng video ng oryentasyon sa pamumuhay, higit sa kalahating tao (55.5%) ang sumagot na nais manood ng video nang libre sa internet sa kanilang maginhawang oras.
- Ang mga kapaki-pakinabang nilalaman sa pamumuhay sa Japan na nakita ng mga kumuha ng oryentasyon ay “Pagtatapon ng basura” (76.0%), “Pagrehistro ng residente” (53.4%), “Pag-iwas sa sakuna” (50.7%) ayon sa pagkakasunod-sunod.
- Ang mga eksena na kapaki-pakinabang kung nakatanggap sana ng oryentasyon na sinagot ng mga hindi kumuha ng oryentasyon sa pamumuhay ay “Pension/Social insurance” (51.3%), “Buwis” (48.9%), “Medikal na pangangalaga/Kapakanan” (39.8%) ayon sa pagkaka-sunod-sunod, at ang karamihan ay nagnanais malaman tungkol sa mga item na ibinabawas sa suweldo.


## Nakatanggap o hindi ng oryentasyon




## Panahon na nais mapanood sa video ng oryentasyon sa pamumuhay



## Kapaki-pakinabang impormasyon sa pamumuhay sa Japan




## Kapaki-pakinabang impormasyon kung natanggap sana ng oryentasyon




- Ang mga pinakakaraniwang binanggit na isyu tungkol sa pagkuha ng pampublikong impormasyon sa loob ng nakaraang isang taon ay “Walang particular na problema” (41.8%). Sa mga isyu, ang pinakakaraniwan ay “Kaunti lamang ang ipinapadalang impormasyon sa iba t ibang wika” (20.4%) at ang pangatlo ay “Kaunti lamang ang ipinadalang impormasyon sa simpleng Japanese” (13.0%), na maraming isyu na kaugnay sa wika.
- Ang wika na gustong makatanggap ng impormasyon ng mga respondente maliban sa kanilang katutubong wika ay "Japanese," na may mayorya (52.7%), at sinundan ito ng "English" (37.6%) at "Easy Japanese" (34.2%).
- Ang mga sumagot na hindi kailanman nagkaroon ng anumang problema sa pagkuha ng impormasyon mula sa mga pampublikong institusyon ay “Thailand” (16.1%) ayon sa nasyonalidad, at, “Dalubhasang Manggagawa” (28.9%) ayon sa katayuan ng paninirahan ang pinakamaliit.
- Kung titingnan ayon sa kasanayan sa wikang Hapon, palagiang napag-alaman na kung mas mababa ang kasanayan sa wikang Hapon, mas mababa ang porsyento ng mga taong hindi kailanman nahirapan sa pagkuha ng impormasyon na ibinigay ng mga pampublikong institusyon.

**Isyu sa pagkuha ng impormasyong ipinapadala ng pampublikong institusyon**



\* Isinuri ng FY2022 Survey ay mga kinaharap na isyu sa loob ng nakaraang isang taon. Hindi itinakda ang panahon sa survey ng FY2020 at FY2021.  
 \* Ang walang datos sa FY2020 Survey ay mga item na idinagdag nang bago mula sa FY2021 Survey.

**Nais na wika para sa impormasyong ibibigay maliban sa katutubong wika (Nangungunang 5)**




**Porsiyento ng mga taong hindi nagkaroon ng problema sa pagkuha ng impormasyong ibinigay ng pampublikong institusyon**


Ayon sa Nasyonalidad/Rehiyon (3 mababang ranggo)		Ayon sa katayuan ng paninirahan (3 mababang ranggo)	
Thailand (n=87)	16.1%	Dalubhasang mangagawa (n=211)	28.9%
USA (n=136)	27.2%	Dependyante (n=347)	33.7%
Nepal (n=146)	28.8%	Estudyante (n=539)	34.1%
Kaugalian ayon sa kasanayan sa Japanese (pag-uusap)		Kaugalian ayon sa kasanayan sa Japanese (Pagbabasa)	
Hindi ko talagang kaya (n=80)	25.0%	Hindi ko talagang mababasa (n=349)	30.4%
Nagagawang makipagpalitan ng pangunahing impormasyon sa pamilyar na kapaligiran (n=537)	31.5%	Mababasa ko ang simple at maikling pangungusap na pamilyar ang nilalaman (n=1,002)	32.0%
Maaaring makipag-usap nang matatas at natural (n=1,017)	49.1%	Mababasa ang artikulo ng diyaryo atbp. na nakabase sa tiyak na pananaw (n=905)	49.5%

- Ang karamihan ng tagapayo sa oras na may probleme ay “Pamilya, Kamaganak” (28.7%), “Kaibigan at kakilalang Hapon” (24.4%) at “Kaibigan at kakilala na mula sa sariling bansa o dayuhan” (20.1%) ayon sa pagkakasunod-sunod.
- Ang pinakakaraniwang isyu sa pagkonsulta pampublikong institusyon ay “Kailangang lumiban sa trabaho o paaralan para kumonsulta” (22.4%). “Wala o kaunti laman ang nakadeploy na tagapagsalin” (11.9%), “Walang detalyadong paliwanag na madaling maiintindihan ng mga dayuhan, kaya hindi naiintindihan ng nilalamang ipinaliwanag” (8.4%) ang sumusunod na pangalawa at pangatlong isyu na patikular sa mga dayuhan.
- Ang pinakamaraming dahilan ng hindi pagkonsulta sa pampublikong institusyon ay “Hindi ko alam kung nasaan ang departamento o tanggapan na puwedeng kumonsulta” (38.5%).


**Tagapayo sa oras na may problema (kabuuan)**



**Tagapayo sa oras na may problema (ranggo)**




**Isyu sa pagkonsulta sa pampublikong institusyon**



\* **52.1% ang sumagot na wala namang partikular na problema sa loob ng nakaraang isang taon**

**Dahilan ng hindi pagkonsulta sa pampublikong institusyon**




- Ang pinakakaraniwang isyu sa pagpapatingin o pagpapagamot sa ospital ay “Hindi naihayag nang husto ang mga sintomas sa ospital” (15.6%). “Hindi ko alam kung nasaan ang ospital na puwedeng magbigay ng pagsusuri at paggagamot na akma sa aking sintomas” (14.8%), “Hindi ko alam kung nasaan ang ospital na makakaunawa sa wika” (12.9%) ang mga sagot na lumampas ng 10%.
- Ang pinakakaraniwang isyu sa sakuna ay “Hindi ko alam kung saan makukuha ang mapagkatiwalaang impormasyon” (7.7%). Nag-iiba ang ranggo ng top 5 na item ngunit pareho ang mga item sa FY2021 Survey.
- Bumaba ang rate ng taong may problema dahil sa COVID-19 mula noong FY2021 Survey. Bumaba rin ang rate ng bawat item ng problema maliban sa “Iba pa” ng pagkuha ng impormasyon.

**Isyu sa pagpapatingin o pagpapagamot sa ospital sa loob ng nakaraang taon (Top 5) (n=5,016)**

(1)	Hindi ko naihayag nang husto ang sintomas sa ospital	15.6%
(2)	Hindi ko alam kung nasaan ang ospital na puwedeng magbigay ng pagsusuri at paggagamot na akma sa aking sintomas	14.8%
(3)	Hindi ko alam kung nasaan ang ospital na makakaunawa sa wika	12.9%
(4)	Hindi ako nakapagsalita nang mabuti sa resepsyon ng ospital	9.0%
(5)	Mas mataas ang singil sa medikal kumpara sa sariling bansa atbp.	8.5%
	Walang partikular na problema sa loob ng nakaraang isang taon	56.8%


**Tugon sa isyu sa wika sa pagpapatingin o pagpapagamot sa ospital sa loob ng nakaraang isang taon**



**Isyu sa sakuna sa loob ng nakaraang isang taon (Top 5) (n=5,016)**

(1)	Hindi ko alam kung saan makukuha ang mapagkatiwalaang impormasyon	7.7% (12.2%)
(2)	Kahit nagkaroon ng mga hakbang sa suporta, hindi ko alam ang paraan ng paggamit o pag-aplay	6.7% (9.1%)
(3)	Hindi ko alam kung saan ang evacuation site	6.6% (10.5%)
(4)	Dahil hindi ibinibigay ang impormasyong hinggil sa sakuna sa iba't ibang wika, kaya hindi ko naintindihan	6.2% (10.3%)
(5)	Hindi ko alam kung anong klaseng lugar ang evacuation site	5.2% (8.1%)
	Walang partikular na problema	73.7% (63.7%)

**Isyu sa epekto ng COVID-19 (pagkuha ng impormasyon)**



\* Ang mga nasa panaklong ay FY2021 Survey (n=7,982)



# Pangunahing Survey ng mga Dayuhang Regidente sa FY2022 — Pangunahing resulta (8) (Pangangalaga ng bata/Edukasyon)

- Ang pinakakaraniwang isyu sa pagbubuntis at panganganak ay “Mataas ang gastos para sa pagbubuntis at panganganak” (13.3%) at isinundan ito ng “Nag-aalala kung makakapagtuloy sa paaralan o trabaho” (7.2%) at “Walang lugar o tao na puwedeng ikonsulta ang pag-aalala tungkol sa pagbubuntis at panganganak” (6.9%).
- Tungkol sa kalagayan ng pagpasok sa paaralan ng mga batang edad 6 hanggang 15, 2.6% ang hindi pumapasok at hindi ito nagbabago kumpara sa FY2021 Survey.
- Ang mga isyu sa pangangalaga ng bata ay hindi nagbabago kumpara sa FY2021 Survey bagamat mag pagbabago ng ranggo para sa mga item na nasa Top 5.

## Isyu sa pagbubuntis at panganganak (Top 5) (n=2,594)


(1)	Mataas ang gastos para sa pagbubuntis at panganganak	13.3%
(2)	Nag-aalala kung makakapagtuloy sa paaralan o trabaho	7.2%
(3)	Walang lugar o tao na puwedeng ikonsulta ang pag-aalala tungkol sa pagbubuntis at panganganak	6.9%
(4)	Hindi maiintindihan ang wika sa pagpunta ko sa ospital para manganak	5.5%
(5)	Nag-aalala ako kung ano ang mangyayari sa katayuan ng paninirahan	4.9%
	Walang partikular na problema	68.8%

## Isyu sa pangangalaga ng bata (Top 5) (n=930)


(1)	Hindi masyadong naiintindihan ng anak ang katutubong wika at kultura	19.9% (22.1%)
(2)	Mataas ang gastos sa pangangalaga ng bata	16.7% (18.8%)
(3)	Hindi sapat na nakakaunawa ang anak sa Japanese	13.0% (13.3%)
(4)	Nahihirapan sa pakikipag-usap sa mga guro sa mga daycare center, kindergarten, atbp.	12.5% (13.5%)
(5)	Walang lugar o tao na puwedeng ikonsulta ang pag-aalala tungkol sa edukasyon at pangangalaga ng bata	10.6% (13.3%)
	Walang partikular na problema	36.1% (38.4%)

\* Ang mga nasa panaklong ay FY2021 Survey (n=1,367)

## Kalagayan ng pag-aaral ng anak (Edad 6–15)




## Dahilan ng pagpili ng paaralan ng anak




- Ang karamihang isyu sa trabaho ay “Mababa ang sahod” (35.7%), “May kawalan kumpara sa mga Japanese sa tuntunin ng pag-hire, pagtatalaga at promosyon” (10.4%) at “Mahaba ang oras ng trabaho” (9.8%) ayon sa pagkakasunod-sunod. Ang “Mababa ang sahod” ay pinakamarami sa tatlong magkakasunod na taon mula sa FY2020 Survey.
- Karamihan sa mga respondente (55.5%) ay nagsabing “Hindi ko mahanap ang trabahong gusto ko” bilang dahilan kung bakit hindi nahahanap ang trabaho. Ang susunod na pinakakaraniwang sagot ay “Hindi sapat ang kakayahan sa wikang Hapon” (26.0%).


**Isyu sa trabaho**



**Dahilan ng hindi pagtatrabaho**




**Dahilan kung bakit hindi mahahanap ang trabaho**




- 35.0% ng mga respondente ang nagnanais na makilahok sa mga aktibidad sa pakikilahok sa lipunan, samantala, 24.2% ang hindi nagnanais na makilahok.
- Ayon sa nilalaman ng mga aktibidad, marami ang nagnanais na makilahok sa mga aktibidad ng boluntaryo (70.9%), at mataas din ang interes sa “Pagsali sa mga asosasyon ng mga kapitbahayan o samahan ng mga residente” (35.2%) at “Pakikipagtulungan sa mga aktibidad ng ahensyang administratibo” (34.4%).
- Ang pinakakaraniwang isyu sa pakikilahok sa lipunan ay “Hindi ko alam kung anong uri ng aktibidad ang isinasagawa” (49.6%).


**Pagnanais sa pakikilahok sa lipunan**



**Aktibidad na gustong salihan**



**Isyung kaugnay sa pakikilahok sa lipunan**




**Epektibong hakbang upang pagyamanin ang kamalayan tungo sa pagsasakatuparan ng lipunang magkasamasamang mamuhay (Top 5) (n=5,016)**


(1)	Kaganapan para maranasan ang kultura ng iba't ibang bansa (kultura ng pagkain atbp.)	44.7%
(2)	Kaganapan para maranasan ang kultura ng Japan	37.0%
(3)	Kaganapang may tema na pagsasakatuparan ng inklusibong lipunan kasama ang mga dayuhan	31.8%
(4)	Kaganapan para ipaliwanag sa paraan na madaling maintindihan ang pagsisikap ng pag-aayos sa kapaligiran ng pagtanggap sa mga dayuhan	28.2%
(5)	Kaganapan para maitaas ang kamalayan sa paggalang sa karapatang pantao	28.1%

- “Sa paghahanap ng tirahan” (23.8%) ang patuloy na pinakakaraniwang pagkakataon mula sa FY2021 Survey kung kailan nakaranas ng diskriminasyon. At sinundan ito ng “Habang nagtatrabaho” (17.8%) at “Sa paghahanap ng trabaho” (16.3%).
- Ang pinakakaraniwang taong nagtatangi ay “Tao sa pinagtatrabahuhan” (35.5%) at sinundan ito ng “Kawani ng real estate ng bahay” (31.3%) at “Tindero” (27.6%) ayon sa pagkakasunod-sunod.
- 15.0% ng mga respondente ang nakatanggap na ng hate speech. Ang karaniwang lugar kung saan nakatanggap ng hate speech, maliban sa “iba pa” (52.1%), ay “Internet” (34.4%), “Aktibidad sa publisidad” (23.7%), at “Demo” (23.0%) ayon sa pagkakasunod-sunod.


**Pagkakataong nakaranas ng diskriminasyon**




**Taong nagdidiskrimina**



**Karanasan sa hate speech**



**Lugar na nakatanggap ng hate speech**



- “Hindi masyadong maiintindihan ang detalyeng nilalaman ng sistema” (44.3%) ang patuloy na karamihan ng isyung kaugnay sa Sistema ng insurance sa pangmatagalang pangangalaga mula sa FY2021 Survey.
- 7.5% ng mga respondente ay sumagot na “Madalas o palagi” na nakakaramdam ng pag-iisa at tumaas ito nang 0.8% mula sa FY2021 Survey. 17.6% ang sumagot na “Paminsan-minsan” at tumaas din ito nang 2.7 points mula sa FY2021 Survey. Ang rate ng mga respondente na sumagot na “Madalas o palagi” at “Paminsan-minsan” ay parehong tumaas kumpara sa “2022 Community Life Survey (Cabinet Secretariat)” (Target ng survey: 20,000 indibidwal na may edad 16 pataas sa buong bansa).


**Pinagmumulan ng impormasyong kaugnay sa Sistema ng insurance sa pangmatagalang pangangalaga (Top 5) (n=1,850)**

(1)	Pamilya, kamaganak	30.8%
(2)	TV, radio, diyaryo, magasin ng Japan	27.4%
(3)	Pinagtatrabahuhan	18.1%
(4)	Kaibigan o kakilalang Hapon	16.9%
(5)	Tanggapan ng munisipalidad	14.9%


**Pinagmumulan ng impormasyong kaugnay sa Sistema ng pensyon (Top 5) (n=4,967)**

(1)	Pinagtatrabahuhan	26.1%
(2)	Liham o dokumentong ipinapadala ng opisina ng Japan Pension Agency	25.2%
(3)	Pamilya, kamaganak	21.1%
(4)	TV, radio, diyaryo, magasin ng Japan	20.2%
(5)	Kaibigan o kakilalang Hapon	17.6%

**Isyung kaugnay sa Sistema ng insurance sa pangmatagalang pangangalaga**





**Kalagayan ng pag-iisa (Gaano kadalas mong nararamdaman na nag-iisa ka lang?)**





- Humigit na 80% ng respondente ang sumagot na “Hindi alam” tungkol sa tanggapan ng konsultasyon, website at iba pa na binuksan ng pampublikong institusyon. Gayunpaman, nagkaroon ng positibong pagtatasa mula sa humigit-kumulang 90% na aktwal na gumamit ng mga ito
- Portal site para sa pagsuporta sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga dayuhan ⇒ <https://www.moj.go.jp/isa/support/portal/index.html>
- Gabay sa pamumuhay at pagtatrabaho ⇒ [https://www.moj.go.jp/isa/guidebook\\_all.html](https://www.moj.go.jp/isa/guidebook_all.html)
- Foreign Residents Support Center (FRESC) ⇒ <https://www.moj.go.jp/isa/support/fresc/fresc01.html>
- Iugnay at Pagbutihin ang Iyong Buhay sa Wikang Hapon ⇒ <https://tsunagarujp.bunka.go.jp/>



**Portal site para sa pagsuporta sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga dayuhan**





**Foreign Residents Support Center (FRESC)**





**Iugnay at Pagbutihin ang Iyong Buhay sa Wikang Hapon (Tsunahiro)**




**Gabay sa pamumuhay at pagtatrabaho**




**Sentralisadong consultation desk na itinatag ng mga lokal na pamahalaan**




**Konsultasyon sa iba't ibang wika sa opisina ng Japan Pension Agency**



**Roadmap para sa pagsasakatuparan ng lipunang magkasamang mamuhay kasama ng mga dayuhan**



**Mga komprehensibong hakbang para sa pagtanggap at pagkakaisang pamumuhay kasama ng mga dayuhang manggagawa**



- Sa survey na ito, inilagay ang mga tanong na sasagutin sa pamamagitan ng malayang pagsulat matapos piliin (maaaring pumili ng ilang) ang item mula sa mga mapipilian na kaugnay sa “wika”, “trabaho”, “pagbibigay ng impormasyon” at iba pa sa tanong na “anong uri ng suporta, inisyatiba, at sistema ang kailangan para sa mga dayuhan upang mamuhay nang mas maayos sa Japan?”. Sumusunod ang mga opinion at kahilingan ayon sa mga field. (Ang numero sa tabi ng bawat field sa ibaba ay ang bilang ng mga tao na pumili ng kaukulang item. Ang mga nilalaman ng malayang pagsulat ay kinuha mula sa 3,620 na sagot na hindi kasama ang “walang partikular”, “maraming salamat” at iba pa. Bilang panuntunan, inilagay ang mismong orihinal na pangungusap ngunit maaaring inayos ang mga maliwanag na mali o kulang na sulat. At isinalin sa Japanese ang mga sagot sa ibang wika maliban sa Japanese.)

### Tungkol sa wika (2,783)

- Tungkol sa suporta sa pag-aaral ng Japanese
  - Ang pinakamahalaga ay gagawa ng paraan upang magamit ng mga dayuhan ang pinakabagong kurso ng wika (isang paraan ng pagtuturo na napatunayang mabisa sa siyensya, sa halip na pag-aaral lang palagi) nang madali at abot kayang gastos. Napaka-komplikadong wika ang Japanes at hindi maaaring masanay sa Japan na walang wika. Hinihiling ko na gumawa ng paraan upang makasali sa ganoong kurso ng wika ang mga tulad kong nanay na may maliliit na bata. (40s, babae)
  - Gumagamit kami ng mga aklat-aralin sa gramatika o elementarya na materyales sa wikang Hapon sa klase ng Hapon sa lugar kung saan ako kasalukuyang nakatira, ngunit gusto ko ring makakita ng nilalaman na kapaki-pakinabang para sa pang-araw-araw na buhay ng mga maybahay. Halimbawa, ang mga salitang may kaugnayan sa pagluluto at pang-araw-araw na pangangailangan. (40s, babae)
  - Sa palagay ko ay maaaring magkaroon ng lugar kung saan itinuturo ang mas maraming lokal na pagsasalita. Kapag pumuntasa ibang lugar, hindi ko maiiintindihan kung ano ang sinasabi. (50s, lalaki)
- Tungkol sa suporta sa iba't ibang wika
  - Kailangan ng tagasalin sa iba't ibang wika sa mga ospital at tanggapan ng lokal na pamahalaan. (20s, lalaki)
  - Ibibigay ang mga tagasalin sa iba't ibang wika sa bawat lugar. (40s, babae)
  - Mas mabuting nakapaskil ang gabay na mapa ng munisipyo. Kadalasang may nakasulat sa English sa ilalim ng Japanese. Dahil hindi lahat ay nakakabasa sa English, mas mabuting ilagay ang ibang mga wika sa gabay na mapa at karatula. (20s, babae)
  - Gusto kong tumutugon din sila sa mga wika maliban sa Japanese sa mga gawain g isinusural sa tanggapan ng pamahalaan. Hinihiling ko na maglagay ng mas maraming tauhang kayang tumugon sa iba't ibang wika lalo na sa mga nurs at resepsyo ng ospital (karamihan ng mga dokyor ay nakakapagsalita na ng English.). Hinihiling kong gawin nila ang pampublikong paliwanag at pakikipag-ugnayan sa iba't ibang wika. (50s, babae).
- Tungkol sa Simpleng Japanese
  - Pagbibigay nang libre ng mas maraming kurso ng Japanese para sa mga dayuhan at kurso ng “Simpleng Japanese” para sa mga Hapon sa mga lugar. (30s, lalaki) At iba pa

### Tungkol sa diskriminasyon sa lahi, pantay-pantay na pagkakataon at paggalang sa indibidwal (2,588)

- Ako ay ipinanganak at lumaki sa Japan, ngunit nakaranas ako ng bullying noong ako ay nasa elementary. Karamihan ng kakilalakong mga Pakistani ay nakakaranas ng bullying. Dahil strikto sa Japan ang tuntunin sa estilo ng buhok at pananamit, magiging pare-pareho ang hitsura ng lahat. Dahil dito, kapag nandoon ang isang dayuhan, madali siyang mabully dahil lang na iba siya sa ibang mga tao. Dahil hindi pa lumalaganap ang pagkakaiba-iba, maraming bagay na dapat baguhin upang mamuhay nang mas maayos ang mas maraming mga lahi. Ako ay isang muslim, at noong sinabi kong gusto kong nakahijab sa pag-aaplay ko sa part-time na trabaho, sinabihan ako na maaari akong magtrabaho kung hindi ako nakahijab. Nagulat ako nang sabihan ako na “dahil Japan ito...”. Hinihiling ko na magkaroon ng kaganapan at edukasyon upang maunawaan nang mas mabuti ang relihiyon at kultura ng mga dayuhan. Nakikiusap po. (20s, babae)
- Sa nakalipas na mga panahon, ang Japan ay nagkakaroon ng mas mabait na kapaligiran para sa mga dayuhan kaysa dati. Gayunpaman, ang mga pamamaraan na nauugnay sa kontrata ay medyo mahirap pa rin. Lalo na, kapag isang dayuhan ka, hindi ka maaaring maging “garantor”. Kailangang maghanap ng puwedeng maging garantor, ngunit hindi rin makakatulong ang mga kapamilyang nasa ibang bansa. Dahil dito, naranasan ko na nahirapang magkaroon ng trabaho o hindi ko nakuha ang gusto kong tirahan. Sa mga tuntunin ng pang-araw-araw na buhay, ang ilang mga Hapones ay natatakot sa akin sa halip na makaranas ako ng diskriminasyon. Ang ilang mga Japanese ay hindi marunong makipag-ugnayan sa mga dayuhan at nag-aatubili kapag nakakarinig sila ng mga wika maliban sa Japanese. Kaya sa tingin ko ay ang pagdaraos ng meet-up ay isang magandang paraan para palalimin ang pag-unawa sa isa't isa at paggalang sa isa't isa. (30s babae)
- Sa palagay ko ay kailangang ng suporta at pagsisikap na walang diskriminasyon mula sa pagkabata. (50s, babae)
- Hindi naman pare-pareho ang lahat ng mga dayuhan. Kaming lahat ay magkakaiba kahit galing kami sa parehong bansa. Hindi kanais-nais sa akin na pare-pareho ang turing. (30s, babae)
- Naniniwala ako na ang Japan ay may mga pagkakataong mas mababang antas ng pag-unawa at paggalang sa pagkakaiba-iba kaysa sa mga mauunlad na bansa. Naranasan ko talaga sa aking buhay na mayroong ilang mga online na bangko, kumpanya ng credit card, at mga may-ari ng real estate na may patakaran na nagbabawal sa mga dayuhan. Gayundin, sa condominium kung saan ako kasalukuyang nakatira, isang patakaran na may diskriminasyon ang ginawa at ginawang publiko kaagad pagkatapos kong lumipat, na nagsasaad na “ang mga dayuhang residente na hindi marunong magsalita ng Hapon ay hindi maaaring lumahok sa mga aktibidad sa komunidad”. Bagama't nakatira ako sa isang apartment na mas mataas kaysa sa karaniwang presyo ng yunit sa lungsod, nararamdaman ko na mayroon pa ring matinding diskriminasyon sa lipunang Hapon. Panghuli, ang naramdaman kong pinaka-hindi patas habang naninirahan sa Japan ay noong panahon ng coronavirus, ang mga dayuhan ay ipinagbabawal na pumasok sa bansa anuman ang kanilang katayuan sa paninirahan, at may mga tao sa paligid ko na hindi nakapag-asawa o sumuko na sa pagpasok. Sa palagay ko, ito ay isang ganap na diskriminasyong patakaran kumpara sa mga Japanese na walang mga paghihigpit sa pagpasok. (30s, babae) At iba pa

**Tungkol sa trabaho (2,806)**

- Tungkol sa suporta sa trabaho
  - Hinihiling ko na pabutihin ang pagsuporta sa trabaho para sa mga dayuhang estudyante. (20s, lalaki)
  - Nais kong palakasin ninyo ang pagsuporta sa pagpapakilala ng mga trabaho at pagkuha ng visa. Nais kong mabigyan ng mas maraming impormasyon at indibidwal na paggabay. (20s, lalaki)
  - Gusto kong magbigay kayo ng mas maraming impormasyon para makahanap ng matatag na mga trabaho ang mga dayuhang mahusay sa wikang Hapon o nagagamit ng higit pang isang ibang wika (maliban sa katutubong wika). Maraming mga dayuhang na sinasayang lang ang kanilang kasanayan sa wika. (40s, babae)
- Tungkol sa suporta sa mga manggagawa
  - Sa kasalukuyan, tila walang gaanong suporta ang natatanggap ng mga dayuhang manggagawa sa maliliit at katamtamang laki ng mga kumpanya. Gusto kong maunawaan ng organisasyong pangsuporta ang kasalukuyang sitwasyon ng mga dayuhang manggagawa sa maliliit at katamtamang laki ng mga negosyo at aktibo silang suportahan. Naniniwala ako na kung magbibigay tayo ng oras at lugar kung saan matututo ang mga dayuhang manggagawa sa maliliit at katamtamang laki ng mga negosyo tungkol sa mga isyu sa wika, mga isyu sa relasyon ng tao, at panlipunang sentido komun na kailangan upang mamuhay sa lipunang Hapon, magiging mas madali para sa kanila na maging nakaugat sa lipunang Hapon (50s, lalaki).
  - Upang matutunan ang parehong paraan ng pamumuhay, kaugalian, asal, pagsasaalang-alang, atbp. gaya ng mga Hapon, at mamuhay ng masayang buhay, nais kong obligahin ninyo sa mga dayuhan na kumuha ng mga klase sa ilang anyo, hindi lamang sa paaralan kundi pati na rin sa trabaho. Naniniwala ako na sa ganyang paraan, mas malalaman ng mga dayuhan ang Japan, mapalalim ang kanilang pagmamahal sa Japan, at magkaroon ng mas kasiya-siyang buhay. (20s, babae)
- Tungkol sa kwalipikasyon/lisensya
  - Sa palagay ko ay kapag magkakaroon ng isang sistema para sa pagsasanay o sertipikasyon ng kwalipikasyon upang ang mga kwalipikasyong may kaugnayan sa trabaho na nakuha sa ibang mga bansa ay matanggap sa lipunang Hapon, ang mga tao ay makakahanap ng matatag na trabaho nang mas mabilis at magiging mas pamilyar sa lipunang Hapon. (50s, lalaki) At iba pa

**Tungkol sa pagbibigay ng impormasyon (1,899)**

- Tungkol sa nilalaman ng impormasyon
  - Gusto kong malaman ang tungkol sa mga magasin ng impormasyon na nagbibigay ng detalyadong impormasyon tungkol sa mga sistema ng sakuna at pangangalaga sa bata, pati na rin ang impormasyon tungkol sa pagpapatala sa insurance, mga buwis, mga pensiyon, atbp. (40s, lalaki)
  - Sa palagay ko, kailangang mayroong isang website kung saan madali kang makakahanap ng impormasyon sa trabaho para sa mga dayuhan at mga scholarship para sa mga dayuhang estudyante. (20s, lalaki)
  - Kailangan ng kahit kaunting impormasyong tungkol sa mga patakaran ng kapitbahayan, tulad ng mga araw ng pagkolekta ng basura. Ito ay dahil madalas na marinig ang tungkol sa problemang ito. (40s, babae)
  - Nais kong madaling makakuha ng impormasyon tungkol sa autism at ADHD (Attention Deficit Hyperactivity Disorder). (30s, babae)
- Tungkol sa paraan ng paghahatid ng impormasyon
  - Nais naming ang mga paaralan ng wika at mga kumpanya/organisasyon na gumagamit ng mga dayuhan ay aktibong magbigay ng iba't ibang impormasyon. Ito ay dahil hindi maaaring magtanong ang mga dayuhan maliban kung naiintindihan nila ang mga patakaran at sistema. (20s, babae)
  - Pagdating mo sa Japan sa unang pagkakataon, hindi mo alam kung ano ang gagawin, kaya kahit may malapit na tanggapan ng konsultasyon, maraming pagkakataon na hindi mo alam kung ano ang dapat ikonsulta. Tulad ng mga alalahanin na binanggit sa survey na ito, sa tingin ko ay magandang ideya na mamigay ng katulad ng isang handbook bago pumasok sa Japan kung maaaring gumawa ng isang template. (30s, lalaki)
  - Gusto kong mas maraming impormasyon ang ihahatid sa mga dayuhang naninirahan sa Japan gamit ang SNS. (60s, babae)
  - Kung walang tamang oryentasyon sa loob ng ilang buwan pagkatapos pumasok sa Japan, sa tingin ko ay magiging mahirap na maunawaan kung paano magpatuloy sa mga pamamaraan. (20s, lalaki) At iba pa

**Tungkol sa katayuan nag paninirahan (2,079)**

- Tungkol sa permanenteng permit sa paninirahan
  - Hinihiling ko na paluwagin ang sistema ng aplikasyon sa visa ng permanenteng paninirahan para sa mga dayuhan. (30s, babae)
- Tungkol sa pananatili ng mga kamaganak
  - Isa akong dayuhang ina na nagtatrabaho sa Japan at wala akong tutulong sa pag-aalaga ng aking anak, kaya gusto kong mapahaba ang panahon ng visa para sa pagdalaw ng kamaganak (40s, babae)
- Tungkol sa pamamaraang kaugnay sa katayuan ni paninirahan
  - Masyadong mahabang oras ang kailangan para sa aplikasyon ng katayuan ng paninirahan. (60s, babae)
  - Naramdaman ko na lumuwag ang kondisyon o sistema para sa katayuan ng paninirahan kumpara dati, mas mabuti siguro na magbigay ng suporta sa maraming paraan sa mga nag-aaplay. (40s, babae) At iba pa



**Tungkol sa edukasyon (1,665)**

- Tungkol sa nilalaman ng edukasyon
  - Ang mga dayuhang bata ay nasa isang mahinang posisyon sa paaralan. Nais kong bigyang pansin ng mga homeroom teacher ang mga dayuhang bata hangga't maaari. Lalu na sa paaralang elementarya at junior high. (50s, lalaki)
  - Mahalaga para sa mga dayuhan na makisama sa buhay ng mga Hapon, ngunit sa palagay ko ay kailangan din ang isang sistema ng edukasyon na nagpapahintulot sa mga Hapones na matuto tungkol sa mga banyagang bansa. (20s, babae)
- Tungkol sa mga pamaaraan sa paaralan atbp.
  - Nadama ko na hindi maginhawang mag-aplay para sa mga bagay na may kinalaman sa paaralan tulad ng munisipalidad ng aking anak. (50s, lalaki)
  - Gusto kong malaman ang tungkol sa paraan ng pag-aplay at tuntunin sa kindergarten, nursery at paaralan. Dahil nag-iiba ang kultura sa bawat bansa, may mga bagay na karaniwan lang sa akin ay maaaring hindi puwedeng gawin sa Japan. Labis akong mag-alala sa edukasyon ng bata dahil may anak ako. (30s, babae)
  - Sa palagay ko ay mas mabuti na gawing mas madaling maunawaan ang mga pagkakaiba sa mga pamamaraan ng pambansang edukasyon, mga magulang, at mga paraan ng pakikipag-ugnayan sa mga paaralan (PTA, atbp.). (30s, babae)
  - Tila wala pang tanggapang nakakapagbigay ng wastong payo tungkol sa edukasyon ng mga dayuhang bata. (40s, babae)

At iba pa

**Tungkol sa tirahan (1,685)**

- Maaaring parang nagsisinungaling ako kung sasabihin ko na halos wala akong naging problema o pag-alala sa pamumuhay sa Japan. Ito ay dahil sigurong nabiyayaan ako na napaligiran ako ng mga mababait na tao. Ngunit talagang nagkaroon ako ng problema sa pag-upa ng bahay. Nagkaroon ako ng maraming problema sa mga bagay tulad ng pinagsamang guarantor at paggawa ng hindi makatwirang mga kahilingan dahil ako ay isang dayuhan. Kaya, kapag umuupa ang mga dayuhan ng pabahay, ako ay nagpapasalamat kung maaari silang lumikha ng isang bagay tulad ng isang NPO o gobyerno na magsisilbing tagapamagitan para sa kanila. (50s, babae)
- Sa unang lugar, napakahirap ang paghahanap ng bahay at pag-apply para sa isang bank account sa Japan. Kailangan mo muna ng numero ng telepono at bank account sa pag-upa ng pabahay sa Japan, samantala sa sariling bansa ay masosolusyunan ang lahat sa pera, kahit gusto mong mag-aplay sa isang bank account, hindi mo magagawa kapag wala kang tirahan, kailangang ng 2 buwan para sa pagsusuri dahil hindi ka residente, at sa huli ay gusot ang lahat at pareho silang nasa mahirap na sitwasyon. Sa tingin ko, ang bawat dayuhan na unang dumating sa Japan ay nakaranas ng mga bagay tulad nito, kaya nais kong pagbutihin ninyo ito. (30s, babae)
- Ang pinakamahirap na bagay na naranasan ko ay ang paghahanap ng isang tirahan. Maramingbagay sa Japan na mahirap masanay ng mga dayuhan, dahil may mga security deposit, key money, at gastusin sa kumpanya ng garantiya. Sa katunayan, noong naghahanap ako ng tirahan, nahirapan ako dahil maraming mga pag-aari na hindi bukas para sa mga dayuhan. Sa personal, madalas kong naisip na ang Japan ay magiging mas magandang lugar upang manirahan kung mayroong mga kurso sa kaalaman at suporta para sa mga dayuhang naghahanap ng tirahan. (20s, babae)

At iba pa

**Tungkol sa pagsalamuha (1,425)**

- Tungkol sa pagsalamuha ng mga hapon at mga dayuhan
  - Nasi kong magsagawa kayo ng konsultasyon at pagpupulong para sa pagsalamuha sa kapulungan ng bayan at ng komunidad. Sa pagdaraos ng mga pagdiriwang ng kultura sa iba't ibang bansa, nais kong magkaunawaan at igtalang ng mga Hapon ang mga dayuhang kultura, eksena, at kauligian. (30s, babae)
  - (Gusto kong) magkaroon ng mas maraming lugar ng pagsalamuha kasama ang mga kapitbahay tulad ng samahan ng mga kapitbahayan. (70s, babae)
  - Nais kong isagawa rin ninyo ang ganitong survey sa mga Hapon. May mga bagay na hindi magbabago sa opinyon lang namin. Dahil dito, nais kong malaman kung ano ang iniisip ng mga Hapon tungkol sa mga bagay tulad ng isang lipunan ng pagkakasama-samang mamuhay, at mula doon ay nais kong hikayatin silang magdaos ng mga kaganapan at mga klase upang malaman ang tungkol sa kultura na angkop para sa bawat komunidad. Ang mga naturang survey ay hindi isinasagawa sa aming lugar. Kaya, sa tingin ko, magiging maganda kung magagawa natin ang mundo na mas magandang tirahan sa pamamagitan ng pagkuha ng feedback hindi lamang mula sa ating mga dayuhan kundi pati na rin sa mga Hapon. (20s, babae)
  - Mga kaganapang pambansa o pang lokal na komunidad tulad ng mga pagdiriwang, lokal na kaganapan, at mga kaganapang nauugnay sa libangan/sining kung saan maaaring makisalamuha ang mga matatandang hapon, mga residenteng Hapon sa komunidad at mga dayuhan. Kung sakali man ay magkakaroon ng "Araw ng internasyonal" o "Araw ng Japan sa gitna ng mundo". (30s, babae)
- Tungkol sa pagsalamuha ng mga kababayan
  - Sa kasalukuyan, lumaki ang problema ng pangangalaga ng bata. Ipinanganak ang anak ko Japan, tumatanggap at nakikipag-ugnayan kami sa wika at kultura ng Hapon. Hindi kami madalas umuwi sa sariling bansa sa iba't ibang problema, kaya sana ay magkakaroon ng sistema upang tipunin ang mga bata para makasali sila sa iba't ibang kaganapan at magkaroon ng maraming pakikipag-ugnayan at pakikipagsalamuha. (20s, babae)
  - Matutuwa ako kung magkakaroon ng ruta para magkakakilala ang mga Taiwanese na nakatira sa parehong prefecture, lungsod o lugar. Kapag may mga kababayan kakilala o kaibigan sa malapit, madaling magkasundo at magkaroon ng kaaliwan para sa mga dayuhan. Magkaiba ang aming tinitirahang lugar, at pabalik-balik lang kami sa pagitan ng trabaho at tirahan araw-araw, kaya walang paraan upang malaman kung may iba pang Taiwanese na nakatira sa parehong lugar. Matutuwa ako kung magkakilala kami sa pamamagitan ng organisasyon o pagtitipon. Bihirang makakita ng ibang Taiwanese dahil hindi ako nakatira sa malaking siyudad. (20s, babae)

At iba pa

**Tungkol sa konsultasyon (1,346)**

- Malapit na akong mag-sampung taon simula dumating sa Japan at kahit papaano ay nakaraos ako sa iba't ibang karanasan. Sa ngayon, nararamdaman ko na kakaunti lamang ang konsultasyon ng batas para sa mga dayuhan. (30s, lalaki)
- Makakatulong para sa akin na ihanda ninyo ang isang lugar na mapagkakatiwalaan at madaling kumonsulta tungkol sa problemang mental. (40s, babae)
- Mas magiging madali kung alam namin ang malalapitan upang humingi ng payo. Ang mga website ay karaniwang isinalin sa English mula sa Japanese, kaya hindi masasabi na madaling maiintindihan. Magkakaiba ang bawat kaso, kaya makakatulong kung may isang lugar ng konsultasyon. (50s, babae)
- Sa tingin ko, makabubuti kung dumami ang mga serbisyo tulad ng SNS, 24-oras na mga tool sa awtomatikong konsultasyon, atbp. na nagbibigay-daan sa madaling konsultasyon. (30s, lalaki)
- Sana ay pararamihin ninyo ang pagkakataon ng konsultasyon tungkol sa pagtrato sa trabaho/sahod, at impormasyon sa permanenteng paninirahan/naturalisasyon. Gusto ko sanang magkaroon ng lugar na maaari kang makilahok sa mga aktibidad kasama ang mga Japanese, at isang lugar kung saan maaari kang sumangguni tungkol sa buhay sa Japan, mga pagbisita sa ospital, at pangangalaga sa mga matatanda. Sana ay mabuhay ako at makapagbahagi ng impormasyon tulad ng mga Hapon. (30s, babae)

A iba pa

**Tungkol sa medikal na pangangalaga (1,704)**

- Nag-aalala ako dahil walang makakatulong sa akin kapag nagkasakit o nagkapinsala ako. (30s, babae)
- Narinig ko ang maraming kuwento ng mga dayuhan na hindi nakatanggap ng angkop na paggamot dahil hindi sapat ang kasanayan sa wika at kaalaman sa sistemang pangmedikal ng Japan. (50s, babae)
- Hindi ko alam kung paano sumulat sa talatanungang medical na kailangang sulatan sa unang pagbisita sa isang medikal na institusyon. (40s, babae)
- Napakahirap magpaliwanag ng sintomas sa wikang Hapon kapag nagkasakit. Sana ay may mga doctor na nakakaunawa ng dayuhang wika sa ospital. (30s, lalaki)

At iba pa

**Tungkol sa buwis (1,846)**

- Sa palagay ko ay mahalagang magbigay ng impormasyon kung paano mag-file ng tax return. (20s, babae)
- Makakatulong kung makapagbigay ka ng Ingles na bersyon ng mga form sa tax return na ginagamit para sa mga pagsasaayos sa katapusan ng taon at huling tax return. (50s, lalaki)

At iba pa

**Tungkol sa pension (1,673)**

- Tungkol sa impormasyon
  - Sa palagay ko ay dapat ituro sa mga dayuhang dumarating sa Japan ang tungkol sa mekanismo at sistema ng kapakanang panlipunan (pambansang pensiyon/pension ng mga manggagawa) bukod sa mga tuntunin at asal. Nag-aaral ako ng nursing at naiintindihan ko ang napakaraming bagay, ngunit maraming tao ay namumuhay sa estado na walang kaalaman. Hindi lang pagpaparami ng tanggapan ang mahalaga kundi mahalaga ding bigyan sila ng kaalaman. (20s, babae)
  - Dahil kaunti lang ang pakikisalamuha sa mga Hapon, kaunti din ang makukuhang impormasyon ng makakatulong sa pamumuhay. Hindi ko alam kung saan makapag-aral ng tungkol sa medical na pangangalaga, pension at buwis. Ipinagkatiwala ko na lang ang lahat sa bansa. (40s, babae)
  - Nakasulat sa papel ang karamihan ng importanteng bagay tungkol sa buwis, pension, singil at iba pa at ipinoproseso ang mga ito sa wikang Hapon lamang. Para sa mga taong hindi Japanese ang katutubong wika, mahirap humarap sa ganiyang kao nang mag-isa. Dahil mahirap magamit ang translation app sa papel at madaling magkamali. Magiging mas madali para sa mga dayuhan kung ang mga ganitong sistema ay ginawang online at isinama ang mga pagsasalin sa wikang banyaga, o kung ang mga papel na dokumento ay maaaring ipadala din sa mga banyagang wika. Gumugugol ako ng maraming oras sa pagtingin sa mga website tulad ng GaijinPot upang maunawaan ang mga dokumento ng Hapon at pamumuhay ng Hapon. Halimbawa, ito ay Pension Handbook. Ang isang napakahalagang dokumento, ang Pension Handbook, ay naglalaman ng mga pangungusap na nakasulat sa napakahirap na Japanese na mahirap isalin sa tulong ng teknolohiya. Sa oras ng pag-isyu ng Pension Handbook, hindi ba magandang kasamang ibigay ang isang cover kung saan may paliwag sa dayuhang wika tungkol sa kahalagahan ng handbook, kung paano ito babasahin, paano gagamitin at ano ang gagawin kung nawala. Kung may ganiyang cover sa handbook, makakasangguni ang mga hindi mahusay mag-Japanese tuwing nakikita nila iyon. (20s, lalaki)
- Tungkol sa sistema
  - Malaki ang pagkakaiba sa suweldo sa pagitan ng mga dayuhan at Hapon, kaya nais kong isaalang-alang ito ng gobyerno. Gayundin, tungkol sa mga pagbabayad ng pensiyon, kailangan nating muling isaalang-alang ang sistema para sa mga hindi makakatanggap ng lahat ng kanilang mga bayad sa pensiyon kahit na makumpleto ang kanilang kontrata at makauwi. (Halimbawa, kung babalik ka sa iyong sariling bansa pagkatapos bayaran ang iyong pension sa loob ng 9 na taon, makakatanggap ka lamang ng 5 taon na halaga.) Upang ang mga dayuhan ay makapag-aral, manirahan, at makapagtrabaho sa Japan nang may higit na kapayapaan ng isip, at makatanggap ng suporta at atensyon mula sa mga pambansang institusyon at pamahalaan upang silang lahat ay makapag-ambag pa sa lipunan ng Hapon, tulad ng sa kanilang mga bayang sinilangan. (30s, lalaki)

At iba pa

**Tungkol sa paglahok sa politika (799)**

- Pagbibigay ng karapatang bumoto sa mga dayuhan na nanatili sa Japan para sa isang tiyak na tagal ng panahon (halimbawa, 20 taon). (30s, lalaki)
- Sa pamamagitan ng suporta sa wika, pagbibigay ng impormasyon, at konsultasyon, malalampasan ng mga dayuhan ang mga hadlang sa wika at mas mahusay na makisama sa lipunang Hapon. Gusto kong wakasan ang diskriminasyon at bigyan ang mga dayuhan ng pantay na pagkakataon na magtrabaho at manirahan sa Japan. Ang boses ng mga dayuhan mismo ay kailangan para bumalangkang ng mga ganitong patakaran, kaya't napakahalaga para sa mga dayuhan na lumahok sa pulitika. (20s, babae) At iba pa

**Tungkol sa insurance (1,379)**

- Noong una beses akong dumating sa Japan noong 2006, napakakaunting suporta sa Ingles at mahirap manirahan dito. Sa palagay ko ay nagbago na ngayon. Ngunit nahihirapan pa ring maintindihan tungkol sa Sistema ng pension, paglilipat ng ari-arian, buwis, insurance at iba pa at maraming hindi ko naiintindihan. (40s, babae)
- Hindi ko masyadong maiintindihan ang sistema ng insurance at pension. Maaaring walang pagpipilian ang ilang tao kundi bumalik sa kanilang sariling bansa, ngunit gusto kong madaling makapagtanong online tungkol sa mga bagay na may kinalaman sa buhay, tulad ng kung ano ang gagawin kapag umuuwi. Sa ngayon, kadalasang kailangang tumawa sa telepono o pumunta sa tanggapan. (30s, lalaki)
- May alam akong murang mga klase sa wikang Hapon sa mga city hall at iba pang pasilidad, ngunit ang oras at lokasyon ay kadalasang mahirap para sa mga taong nagtatrabaho. Dahil hindi ako marunong magbasa ng kanji, nahihirapan akong mag-apply sa life insurance at maunawaan ito. (40s lalaki) At iba pa

**Tungkol sa bank account, credit card, pagpopondo (1,489)**

- Tungkol sa hindi makakatanggap ng serbisyo
  - Sa tingin ko, napaka-inconvenient na hindi ako nakakatanggap ng mga serbisyo tulad ng Japanese phone number o bank account sa unang anim na buwan mula noong dumating ako sa Japan. Inaasahan kong gumawa kayo ng inyong makakaya upang pagandahin. (20s, lalaki)
  - Sa papel, bilang isang permanenteng residente at nagtatrabahong tao na may mataas na average na kita, dapat akong makapag-loan. Ngunit kahit na gusto kong mag-invest ng 30 million yen sa real estate, sinabi sa akin ng bangko ng maraming beses na hindi sila sigurado kung mananatili ako sa Japan at tinanggihan ako. Malaking problema ang banko para sa mga dayuhang gustong manatili nang matagal. (40s, lalaki)
  - Sa palagay ko ay mahalaga ang pag-aaral ng wika para sa mga dayuhan sa kahit alinmang bansa. Sa pamamagitan ng pag-unawa sa wika, magkakaroon ng maayos na komunikasyon at mapapayaman ang iyong buhay. Ang Japan ay isang bansang mas mapagparaya kaysa sa ibang mga bansa, at ang mga dayuhan ay laging madaling manirahan sa Japan. Ngunit pagdating sa pamumuhay, pabahay, trabaho, bank account, credit card, atbp., may mga problema sa kakulangan ng credensyal, katayuan ng panirahan, at iba pa at sa tingin ko ay maraming mga paghihigpit sa mga dayuhan. (20s, babae)
- Tungkol sa isyu sa pagtanggap ng serbisyo
  - Kapag dumaan ako sa mga kinakailangang pamamaraan upang manirahan sa Japan (pagparehistro ng residente, pagbubukas ng account, pag-apply para sa lisensya sa pagmamaneho, atbp.), nahihirapan akong ipasok ang aking pangalan sa bawat oras. Ang mga pangalang Hapon ay nahahati sa “apelyido” at “pangalan,” at nailalarawan sa pamamagitan ng maikling bilang ng mga letra. Gayunpaman, ang mga tao sa ibang mga bansa, kabilang ang aking sarili, ay walang “mga apelyido” o may “middle name,” kaya ang mga pangalan ay hindi palaging may parehong ayos tulad ng sa Japan. Magkaiba ang pagtugon ng bawat opisina ng gobyerno at pribadong kumpanya sa mga kaso kung saan wala akong “apelyido”, “masyadong mahaba ang aking pangalan para magkasya sa espasyo, o nakatago ito”, at ang mga pangalan sa bawat dokumento ay madalas na naiiba. Hindi maaaring mangyari sa mga Hapon na magkaiba ang pangalan mo sa mga tanggapan ng pamahalaan o hindi magkatugma ang pangalan na nasa account at pasaporte. Mula sa pananaw ng pagkakakilanlan ng tao, hinihiling ko na gawing suportado sa mga dayuhan ang pagrehistro ng pangalan. (30s, lalaki) At iba pa

**Tungkol sa sakuna (893)**

- Bilang karagdagan sa mga kaalaman at kasanayan sa wika na kailangan para sa pang-araw-araw na buhay, ang mga pagkakataon na magkaintindihan sa isa't isa (lalo na ang mga Hapones) at mga kasanayan sa wika ay mahalaga. Dagdag pa dito, mahalaga rin ang kaalaman tungkol sa insurance at sakuna dahil medyo maraming natural na sakuna. (20s, lalaki)
- Gusto kong makakita ng mga anunsyo ng impormasyon sa sakuna, atbp. na naka-link sa mga online na app (tulad ng Yahoo Disaster Prevention News), at pahasayin upang maiparating nang maayos ang impormasyon. Siyempre, ang bawat lokal na pamahalaan ay may iba't ibang paraan ng pagtugon, ngunit sa palagay ko ay mas madaling maipatupad kung ito ay ipapaalam ng pambansang pamahalaan. (20s, babae)
- (Gusto kong malaman) tungkol sa mga hakbang at paghahanda dahil maraming sakuna ang Japan. (50s, babae)
- Ang opinyon ko matapos manirahan sa Japan sa loob ng 2 taon, mahusay ang pangangasiwa ng pamahalaan ng Japan. Halimbawa, tatawagan na maging alerto sa oras ng malaking sakuna. Tungkol sa mga Hapon, mababait silang lahat sa akin. At wala ring problema sa pinagtatrabahuhan ko at ang lahat ay nagtutulungan. (20s, babae) At iba pa

**Tungkol sa pangangalaga ng bata (1,418)**

- Pagbibigay ng impormasyon tungkol sa paaralan atbp.
  - Nangangapa talaga ako sa pagpapasya kung aling paaralan ang papasukan ng anak ko, at wala akong pagpipilian kundi kumunsulta sa mga kaibigan na malapit sa akin at may karanasan. G Gusto kong magsagawa kayo ng sesyon ng pagpapaliwanag bago magpasukan sa wikang Tsino tungkol sa mga kaugnay na pamamaraan at kinakailangang paghahanda para sa mga tagapag-alaga ng batang dalawang taong gulang, nasa gitnang klase ng nursery, nasa grade 5, nasa second year ng junior high at nasa second year ng senior high. (40s, babae)
  - Ang mga dayuhang ina ay nasa isang mahinang posisyon kung sila ay hindi gaanong naiintindihan o hindi alam tungkol sa kung ano ang nangyayari sa kanilang mga anak sa paaralan. Natural na kung ang mga magulang ay hindi makaramdam ng kalayaan sa pagpapalaki ng kanilang mga anak, maaaring maging dahilan ito na ayaw ng mga dayuhan na manatili sa Japan. (40s, lalaki)
- Tungkol sa isyu sa pangangalaga ng bata
  - Para maging mas madaling mag-alaga ng mga bata, gusto kong pababain ninyo po sana ang gastos sa panganganak at pag-aaral sa paaralan. (30s, babae)
  - Mahirap rara sa mga dayuhan na mag-alaga ng bata dahil walang lolo at lola na mag-aalaga paminsan-minsan. Kaya gusto kong bigyan ninyo ang mga dayuhan ng mas maraming pagkakataon para makapag-aplay sa mga nursery school. (30s, babae)

At iba pa

**Tungkol sa kamatayan (Pagkuha ng libingan atbp.) (736)**

- Ang mga dayuhang residente na mananatili nang mahabang panahon ay gugugol ng kanilang mga huling araw sa Japan maliban kung babalik sila sa kanilang sariling bansa, ngunit pakiramdam ko ay kakaunti ang impormasyon tungkol sa Japanese funeral at grave system. (30s, babae)
- Bilang isang Muslim na naninirahan sa Japan, kailangan ko talaga ng serbisyo ng libing ng Islam. (50s, lalaki)
- Kahit matagal na ako naninirahan sa Japan, hindi ko alam kung ano ang dapat kong gawin sa oras na pumanaw ang isa sa mga kapamilya! At naniniwala ako na masyadong mahal (ang gagasutisin sa oras na iyon). Maaaring may insurance para makapagbayad nang walang pag-alala pag dumating na ang sundo! Alam ko na magkaiba talaga kapag may namatay dito sa Japan dahil wala kami sa sariling bansa. Gusto ko ng mas maraming impormasyon tungkol dito! Iniisip kong tumira dito ngunit nag-aalala sko tungkol doon, lalo na't nasa mahirap na kalagayan ang Japan ngayon, kaya hindi ako makaipon ng malaki. Kung kailangang ng malaking pera sa pagkamatay, saan kami makahingi ng tulong? Lyon ang pinakamalaking pag-alala namin bilang mga dayuhan! (40s, lalaki)

At iba pa

**Iba pa (489)**

- Tungkol sa pag-iisa, paghihiwalay sa iba
  - Kapag naninirahan sa Japan bilang isang dayuhan, madalas na makaramdam ng pagkakaiba ng kultura at pag-iisa dahil kakaunti lamang ang kapareho ng nasyonalidad. Sa palagay ko ay magkakaroon sana ng lugar na nagbibigay ng higit na suporta sa mga problema ng mga dayuhan. (10s, babae)
  - Gusto ko ng kausap. (60s, babae)
  - 13 taong na ako nanirahan sa Japan. Gustong gusto ko ang kultura ng Japan, maginhawang pamumuhay, at pagkaing Hapon. Wala rin akong problema sa wikang Hapon at nakakausap ko nang normal ang mga Hapon. Masasabi ko ang gusto kong sabihin at wala namang partikular na problema. Mababait ang mga taong nasa paligid ko. Kahit ganoon, madalas akong makaramdam ng pag-iisa. Kahit gaano kalapit sa iyo ang mga Hapon, hindi ka nila tatanggapin nang totoo. Sa palagay ko ay nananatili pa sa kanilang kaisipan ang kamalayan na "dayuhan siya". Sa madaling salita, nararamdaman ko na iniisip nila na "Banyaga siya, kaya hindi niya maiintindihan nang 100% ang mga Hapon". Maaaring medyo madamdamin ang sinasabi ko, ngunit mananatiling bansang mahirap tirahan ng mga dayuhan ang Japan dahil nakaugat sa aming isip ang ganiyang kaisipan. Totoo nga na ang Japan ay kilala bilang isang bansa na numero unong iniwasan bilang isang bansa para sa mga imigrante. Hindi ka mananatili sa Japan nang matagak kapag hindi mo mahal ang Japan nang tunay. (40s, babae)
- Tungkol sa relihiyon
  - Ang mga Muslim ay hindi pinapayagang kumain o gumamit ng mga produkto na nagmula sa mga baboy, kaya kung ang pagkain, shampoo, sabon sa katawan, atbp. ay naglalaman ng mga produkto na nagmula sa mga baboy, makatutulong kung malinaw itong nakasulat sa pakete. Kabilang sa mga halimbawa ang mga emulsifier at margarine sa tinapay, glycerin sa shampoo at sabon sa katawan, at collagen sa mga pampaganda (skin care). Nakakatulong talaga sa amin kung alam namin na may nilalamang mga sangkap na nagmula sa baboy, madali namin itong maiwasan. kakatulong. Sa panahon ngayon, mahirap malaman kung ang mga emulsifier, margarine, glycerin, collagen, atbp. na nakapaloob sa iba't ibang mga produkto ay galing sa mga baboy nang hindi nagtatanong sa mga tagagawa. Kapag bumili ka ng sabon sa katawan, pangangalaga sa balat, atbp., palagi kang nag-aalala tungkol sa kung ligtas ba itong bilhin. Upang ang mga Muslim ay makabili ng iba't ibang mga produkto nang may kapayapaan ng isip, sa tingin ko ay talagang makakatulong para sa maraming tao kung malinaw na nakasulat sa pakete kapag ang produkto ay naglalaman ng mga sangkap na nagmula sa mga baboy. (30s, babae)

At iba pa